ANNEX "E"

Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Makati) S.S.

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako, si **ELIZABETH G. OPLIDA**, nasa wastong gulang, nakatira sa 2372 Oro-B Street, Brgy. 774, Zone 84, San Andres Bukid, Manila, matapos makapanumpa nang naaayon sa batas, ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Ako po ay isang lay mission partner ng *Religious of the Good Shepherd* o RGS magmula noong taong 2012. Hinikayat ako ng kaibigan ko na miyembro ng BEC o *Basic Ecclesial Community* para maging lay mission partner. Kasama namin sa RGS si Sister Ma. Juanita R. Daño, kilala sa palayaw na Sister Nenet.

2. Bilang BEC at lay mission partner, lumalahok kami sa mga *bible study* sa San Andres Bukid. Sumasama rin kami sa mga *pagtitipon* kapag may mga importanteng isyu na nakaaapekto sa mga miyembro ng komunidad, tulad sa isyu ng *death penalty*. Sumasama kami sa mga proyekto para sa pangangalaga ng kalikasan tulad ng pagtatanim ng puno sa aming pamayanan o barangay.

3. Isa sa mga isyung kinakaharap namin sa aming komunidad ang pagkakasangkot ng mga tao, pati na ang mga kabataan, sa droga. Madalas kong ipinagdarasal na mahuli ng mga kinauukulan ang mga taong sangkot sa ilegal na bentahan at paggamit ng droga sa aming komunidad. Ngunit hindi naman ako sang-ayon sa nangyayaring pagpatay o pagtokhang sa mga taong sangkot sa droga na nagsimula sa aming lugar noong Hulyo ng nakaraang taon.

4. Batid naming mga residente sa San Andres Bukid na maraming operasyon ng pulis kaugnay sa droga ang madalas isinasagawa sa madaling-araw. May ilang pangyayari din sa lugar namin na mismong mga kaanak ko na ang apektado.

5. Nangyari noong pangalawang simbang gabi noong Disyembre 2016 ang isa sa mga insidenteng iyon.

a. Na-tokhang noong madaling-araw na iyon ang isa sa kalapit-bahay kong si Delfin Sicson, humigit-kumulang 48 taong gulang. Sa pagkakaalam ko, sinabihan na siya ng aming Barangay Chairman na nakalista na siya bilang sangkot sa droga. Ayon sa kanyang kapatid, pinagsabihan na siyang umalis sa komunidad at tumigil na sa masasamang gawain.

b. Pasado alas dos ng madaling araw noon nang magising ako para ipaghanda ang mga anak kong papasok sa eskwela. Dumating ang bayaw kong kasama rin naming nakatira sa bahay. Sinabi niya na noong lumabas siya ng bahay para magsimbang gabi, nakita niyang maraming unipormadong pulis at mga lalaking nakaitim ang nakakalat sa iba't ibang bahagi ng kalsada. Sinabihan daw siya ng mga pulis na umiba ng daan.

c. Nagimbal ako sa ipinamalitang iyon ng aking bayaw. Hindi ko na sinubukang tingnan o silipin ang labas ng bahay namin. May mga pagkakataon kasi na kapag may katulad na operasyon ang mga pulis malapit sa amin, iniilawan nila ng flashlight ang mga dumudungaw para sumilip sa mga nangyayari.

d. Maya-maya, may narinig kaming dalawa o tatlong putok ng baril mula sa malapit. Napag-alaman namin mula sa mga nakasaksing kalapit-bahay na patay na si Delfin Sicson matapos ang operasyon ng mga pulis at mga nakaitim na taong nagkalat malapit sa lugar namin.

e. Sabi pa ng mga nakasaksi, may mga dumating mula sa SOCO sa lugar ng pinangyarihan. Binitbit lang ng mga SOCO ang bangkay ni Delfin Sicson palabas ng bahay at inihagis iyon sa loob ng kanilang van.

f. Ibinurol si Delfin Sicson sa Floresco at ipinalibing rin siya ng pamilya niya agad. Hindi na ako nakasama sa dalaw sa kanyang burol para makiramay sa kanyang pamilya. Sa *BEC* at *RGS*, dumadalaw at nakikiramay kasi kami sa mga burol ng mga namatay dahil sa Tokhang.

g. Pagkatapos ng mga nangyari, nag-alala ako dahil nasa labas ng bahay ang bayaw ko bago ang nangyaring

patayan. Natakot akong baka magkamali ang mga pulis o mapagkamalan siya at mabiktima ng Tokhang.

h. Ninenerbyos na rin ako sa tuwing makakarinig ako ng kakaibang ingay. Kahit simpleng may mahulog lang ay pinagkakamalan ko ito bilang putok ng baril. Natatakot rin ako para sa mga anak kong 26, 16, at 13 taong gulang kasi baka mabiktima rin sila.

6. Noong Hulyo 5, 2017, matapos kaming makapaghapunan ng mga alas sais ng gabi, lumabas ng bahay namin ang aking bayaw. Lumabas rin ako sa bahay at nakipagkwentuhan ako sa mga babaeng kapitbahay ko.

a. Natanaw ko mula sa kinalulugaran ko na kinakapkapan ng dalawang mga pulis sa kanto ng Dagonoy Street at Oro-B Street ang mga lalaking dumadaan doon. Habang dumadaan ang bayaw ko sa kantong iyon, may isa namang lalaking dumaan na kinapkapan din at di umano'y nahanapan daw ang lalaking ito ng drogang nakaipit sa kamay niya. Agad namang pinosasan ang lalaking iyon at isinakay sa motor ng mga pulis.

b. Noong makita kong susunod nang kakapkapan ng mga pulis ang bayaw ko, lumapit kaming magkakapitbahay na babae sa kanila. Sinabi ko sa pulis na bayaw ko iyong kakapkapan nila. Ipinilit kong ang bayaw ko, kung nais niya, at hindi ang mga pulis, ang dapat na maglalabas o magbabaliktad ng bulsa niya para silipin ng pulis, lalo pa at wala silang search warrant. Sinabi ko sa mga pulis na iyon ang nakasaad sa batas.

c. Pinandilatan ako ng mga pulis. Sinigawan ako ng isa sa kanila ng, "Ano ang alam mo sa batas?! Kami ang batas!"

d. Patuloy akong sinigawan ng pulis. Sinasabihan din ako nang pamaktol na hindi naman nila huhulihin ang bayaw ko.

e. Tinawag ko ang mister ko dahil kinakapkapan nga ng pulis ang bayaw ko na kapatid niya. Ibinilin ko naman sa dalawa kong kapitbahay na babae na bantayan ang bayaw ko sa takot kong baka hulihin ang bayaw ko at lagyan ng droga.

f. Habang kausap ko na ang mister ko, bigla na lamang isinakay ng mga pulis ang bayaw ko sa motor ng mga pulis. Tinanong ko ang mga pulis kung bakit at saan dadalhin ang bayaw ko. Ang dalawa ko pang babaeng kapitbahay ay pilit na pinipigilan ang mga pulis na huwag isama ang bayaw ko dahil nagtatrabaho siya nang marangal sa pagsa-*sidecar* at hindi gumagamit ng droga.

g. Ang sabi ng pulis sa amin, "Doon na kayo sa Sais magpaliwanag." Ang tinutukoy niya ay ang Manila Police District Station 6 sa Sta. Ana, Maynila. Noong mga panahong iyon, nasa may sampu na silang mga pulis sa kanto.

h. Dahil wala namang nasamsam na droga mula sa bayaw ko, pinilit ko at ng dalawa ko pang kapitbahay na babae na huwag nilang hulihin at dalhin sa police station ang bayaw ko. Sinabi naman ng police na doon na lamang sa barangay *police outpost* nila pag-usapan ang mga bagay.

i. Nagpunta naman kami ng dalawang babae kong kapitbahay pati na ang asawa ko sa barangay *police outpost* sa Dagonoy Street. Naroon sa *outpost* noong mga oras na iyon ang isang barangay tanod namin. Dumating na rin ang mga pulis na galing sa aming kanto doon sa *outpost*. Sinabihan ng tanod namin ang mga pulis na malinis ang bayaw ko at nagsa-sidecar. Narinig kong sinabi ng pulis na, "O sige, clear."

j. Matapos noon ay umalis na ang mga pulis. Umuwi na rin ako at ang aking mga kasama. Nakaramdam ako ng matinding pagod at nerbiyos dahil sa nangyari.

k. Mula sa nangyaring iyon, naisip kong kahit ang mga kaanak ko na alam kong hindi gumagamit ng droga at nagtatrabaho nang marangal ay puwedeng kapkapan at hulihin na lamang ng mga pulis nang walang baseban. Naisip ko ring importante ang ginawa naming magkakapitbahay na pagpapaliwanag sa pulis para maprotektahan ang kapwa naming huhulihin sana kahit klaro namang walang nahanap na droga mula sa kanya.

7. Ilan lamang iyan sa mga nakababahalang insidente ng mga operasyon ng pulis sa lugar namin.

BILANG PATUNAY, ako ay lumagda sa ibabaw ng aking pangalan ngayon ika-_____ ng ~~Setyembre~~ 2017.

16 OCT 2017

Elizabeth G. Oplida
Lagda
BIR TIN : 441-978-014-000

SINUMPAAN AT PINATOTOHANAN sa harap ko ngayon ika ~~16 OCT 2017~~ ng _____, _____. Pinatutunayan ko na ang nagsalaysay ay aking nasiyasat at ako ay may sapat na paniniwala na siya ay kusa at malayang nagsalaysay.

JESSICA ANNE G. CO
Notary Public for Makati City
Until December 31, 2018
Appointment No. M-455
Roll No. 65444
IBP No. 014819 / Lifetime
PTR No. 5919754/ Jan. 11, 2017 – Makati
1904 Antel Corporate Centre, 121 Valero St.
Salcedo Village, Makati City

Doc. No. 80
Page No. 16
Book No. 1
Series of 2017.